# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 27, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad - nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad - may karamdaman |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME mui DATE 061124 TIME

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By Date 11 JUN 2024

**KAPASIYAHAN BLG. 260-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 16-T2024 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 003-T2024 NG BARANGAY SAN JUAN NA NAGTATAAS NG KAUKULANG BAYARIN PARA SA MGA BARANGAY CLEARANCE NG BAHAY-KALAKALAN, ESTABLISIMYENTO AT MGA BASIC SERVICES NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT**, iniharap sa sangguniang ito ang kahilingan ng Barangay San Juan tungkol sa paksang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (RA7160) Seksyon 153 at Seksyon 391 (2) na ang Lokal na Pamahalaan ay maaaring magpataw at mangolekta ng gayong makatwirang butaw o singilin sa mga paglilingkod na ipinagkakaloob;

**SAPAGKAT,** sa pagtalakay ng mga kasapi ng lupon, ibinahagi ng Pamahalaang Barangay San Juan na kanilang pinagsusumikapang makatwirang maiayos ang mga naturang singilin dahilan sa dumarami at lumalaking mga establisimyento at negosyo sa barangay;

**SAPAGKAT**, sa pagsasakatuparan ng mga singiling ito, ay kaakibat ang pagtaas ng pangunahing serbisyo at pangangailangan ng barangay;

**SAPAGKAT**, ang hangarin ng Sangguniang barangay ay ipinaabot at sinang-ayunan ng mga mamamayan sa isinagawang public hearing para rito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sanggunian Bayan ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 16-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 003-T2024 ng Barangay San Juan na nagtataas ng kaukulang bayarin para sa mga Barangay Clearance ng bahay-kalakalan, establisimyento at mga basic services ng barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, DILG, Sangguniang Barangay ng San Juan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 27, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

6/10/24 348